# Tunay na ang paggala ng Kalipunan ko ay ang Pakikibaka sa landas ni Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan.

Ayon kay Abū Umāmah, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "May isang lalaki na nagsabi: O Sugo ni Allāh, ipahintulot mo po sa akin ang paggala. Kaya nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Tunay na ang paggala ng Kalipunan ko ay ang Pakikibaka sa landas ni Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

YYYSa ḥadīth na ito ay may paglilinaw na ang mga pagsamba ay tawqīfiy (nakaalinsunod sa teksto ng Qur'ān o Ḥadīth) at na hindi ipinahihintulot sa Muslim ang pagsasagawa ng mga ito malibang alinsunod sa pamamaraang itinatakda ng Batas ng Islām. Dahil doon, nilinaw ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa lalaking ito na nagnanais na gumala sa mundo alang-alang sa pagsamba na ito ay bahagi ng gawain ng mga Kristiyano, na ang paggala sa mundo ay dapat sa pagpapalaganap ng Islām, at na ang paggala ng mga alagad ng Islām ay ang pakikibaka sa landas ni Allāh para itaas ang Relihiyon ni Allāh.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee